

Kung ang Wika ay Alaala: Mga Kuwento ng Kulturang Nakatago sa mga Salitang Katutubo

Lizabeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zppsue.edu.ph

May mga salitang hindi lamang binibigkas. May mga salitang nagdadala ng pangalan ng isang halaman, alaala ng isang ritwal, paraan ng pakikitungo sa nakatatanda, kaalaman tungkol sa kalikasan, o kuwento ng isang pamayanan. Sa ganitong paraan, ang wika ay nagiging tahanan ng alaala. Kapag ang isang katutubong wika ay humina o tuluyang mawala, hindi lamang isang sistema ng komunikasyon ang nawawala. Kasama nitong maaaring mawala ang mga kuwentong, kaalamang, at pananaw sa mundo na matagal nang ipinapasa sa bawat salinlahi.

Sa Pilipinas, mahalagang tingnan ang usaping ito sa konteksto ng malawak na linguistic diversity. Ipinakita nina Zeng at Li (2023) na ang mga patakaran sa wika sa Pilipinas ay nahubog ng magkakaibang ideolohiya, kabilang ang linguistic assimilation, vernacularization, linguistic pluralism, at internationalization. Binibigyang-diin ng kanilang pagsusuri na ang pangingibabaw ng Filipino at English ay maaaring magdulot ng marginalization ng ilang indigenous languages. Dahil dito, ang pagpapanatili ng wika ay hindi lamang usapin ng bokabularyo kundi bahagi rin ng pagpapanatili ng cultural diversity at community identity.

Ang halaga ng wika bilang tagapagdala ng kultura ay higit na mauunawaan kapag tinitingnan ang paraan ng pagsasalita mismo. Ayon kay Henne-Ochoa (2018), maraming language revitalization programs ang nakatuon sa grammar at vocabulary ngunit maaaring hindi sapat na nabibigyang-pansin ang traditional ways of speaking. Ang paraan ng pagkukuwento, pagbibigay-payo, pakikipag-usap sa elders, at pagsasagawa ng verbal art ay bahagi rin ng kultura. Kung gayon, ang pagpapanatili ng wika ay nangangahulugan ding pagpapanatili ng mga paraan kung paano ginagamit ng isang komunidad ang wika sa tunay na buhay.

Makikita rin sa mga katutubong wika ang mga pagbabagong maaaring dulot ng dominanteng wika. Sa pag-aaral nina Pelila at Ayao-ao (2025) sa Kankanaey ng Mankayan, Benguet, natuklasang ang code-switching, linguistic discrimination, at language dominance ay may kaugnayan sa pagpapalit ng traditional words ng borrowed terms. Sa 100 salitang sinuri, 43 ang semi-archaic at anim ang archaic. Ipinapakita nito na maaaring manatiling ginagamit ang isang wika habang unti-unting nagbabago ang bokabularyong nag-uugnay dito sa tradisyonal na karanasan ng komunidad.

Gayunman, hindi nangangahulugang kailangang manatili ang mga katutubong wika sa nakaraan. Maaari silang mabuhay sa makabagong mundo habang pinananatili ang kanilang cultural memory. Ipinakita ni Meighan (2022) kung paano maaaring gamitin ang teknolohiya kasama ng traditional ecological knowledge upang suportahan ang intergenerational transmission ng Indigenous language. Sa kaniyang pag-aaral sa Anishinaabemowin revitalization sa Canada, ipinakitang maaaring pagsamahin ang

community-led language learning, traditional knowledge, at digital technology. Ang ganitong pananaw ay mahalaga rin sa Pilipinas, kung saan maaaring gamitin ang video, social media, digital archives, at online storytelling upang maipasa ang mga katutubong salita sa kabataan.

Mahalaga ang pagpapatuloy ng wika hindi lamang para sa kultura kundi maging sa kabuuang well-being ng komunidad. Sa isang realist review nina Whalen et al. (2022), na gumamit ng Scopus searches upang suriin ang literatura tungkol sa Indigenous language use and revitalization, 62.1% ng mga outcome na sinuri ay nagpakita ng positibong epekto ng language use o revitalization. Ipinapakita nito na ang wika ay maaaring magkaroon ng mas malawak na kahalagahan sa identity, social connection, at well-being ng Indigenous peoples.

Kaya ang isang lumang salita ay hindi dapat agad ituring na walang silbi dahil hindi na ito karaniwang ginagamit. Maaaring naglalaman ito ng isang paraan ng pag-unawa sa mundo na wala nang ibang salitang eksaktong makapagpapahayag. Ang pangalan ng isang halaman ay maaaring maglaman ng kaalamang pangkalikasan. Ang isang termino para sa relasyon ay maaaring magpahiwatig ng pagpapahalaga sa pamilya. Ang isang salita para sa ritwal ay maaaring magdala ng kasaysayan ng isang pamayanan.

Sa huli, ang pagpapanatili ng katutubong wika ay hindi simpleng pag-iingat ng mga lumang salita. Ito ay pag-iingat ng mga alaala. Ang mga salita ay maaaring magbago, ngunit ang kanilang mga kuwento ay maaaring ipagpatuloy. Kapag ginagamit ng isang bata ang salitang itinuro ng kaniyang lolo o lola, hindi lamang siya natututo ng bokabularyo. Nakikinig siya sa isang piraso ng kasaysayan.

Kung ang wika ay alaala, ang bawat salitang pinananatiling buhay ay isang kuwentong ayaw nating mawala.

References

- Henne-Ochoa, R. (2018). Sustaining and revitalizing traditional Indigenous ways of speaking: An ethnography-of-speaking approach. *Language & Communication*, 62, 66–82. <https://doi.org/10.1016/j.langcom.2018.07.002>
- Meighan, P. J. (2022). Indigenous language revitalization using *TEK-nology*: How can traditional ecological knowledge (TEK) and technology support intergenerational language transmission? *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 45(8), 3059–3077. <https://doi.org/10.1080/01434632.2022.2084548>
- Pelila, J. R. O., & Ayao-ao, S. L. (2025). Assessing archaism in Philippine Indigenous languages: The case of Kankanaey as spoken in Mankayan, Benguet, Philippines. *AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples*, 21(1), 54–63. <https://doi.org/10.1177/11771801241309727>
- Whalen, D. H., Lewis, M. E., Gillson, S., McBeath, B., Alexander, B., et al. (2022). Health effects of Indigenous language use and revitalization: A realist review. *International Journal for Equity in Health*, 21, 169. <https://doi.org/10.1186/s12939-022-01782-6>
- Zeng, J., & Li, X. (2023). Ideologies underlying language policy and planning in the Philippines. *Humanities and Social Sciences Communications*, 10, 405. <https://doi.org/10.1057/s41599-023-01911-8>

ARTICLE DETAILS

PG-0000019; Received: February 8, 2026; Accepted: February 10, 2026; Published: February 12, 2026

CITATION:

Ringor, L. G. (2026). *Kung ang Wika ay Alaala: Mga Kuwento ng Kulturang Nakatago sa mga Salitang Katutubo*. *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry*. DOI: 10.64591/xwxysk31

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry* is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.





Essays,
Stories,
and
Poetry

2026 Volume 1 Issue 1

PINAS

G a z e t t e

